Alert.seattle.gov/health [Alert.seattle.gov/kalusugan]

Ang Mga Pangyayari: May naobserbahan ang mga opisyal sa kalusugan sa ating rehiyon na pagtaas ng mga kaso ng flu (trangkaso) at hinihimok ang mga mamamayan na gumawa ng mga hakbang upang hadlangan ang impeksyon. Ang isang pandemic na trangkaso ay isang pandaigdig na pagkalat ng sakit mula sa isang bagong virus na influenza. Wala o kakaunti ang natural na resistensya ng mga tao sa isang bagong strain (uri) ng influenza. Bilang resulta, ang pandemic na trangkaso ay malamang na magiging mas mabagsik, makakaapekto sa mas maraming tao, at magiging sanhi ng mas maraming pagkamatay kaysa sa seasonal flu.

Ano ang dapat gawin:

- Pigilin ang pagkalat ng mikrobyo. Hugasan ang inyong mga kamay nang mas madalas at lubusan gamit ang mainit-init na tubig.
- Takpan ang inyong bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing. Gumamit ng tissue o umubo sa itaas ng inyong manggas.
- Huwag magbahagi ng pagkain, o gamitin ang mga kasangkapan o baso na nagamit ng iba.
- Manatili sa bahay kapag maysakit. Konsultahin ang isang health care provider kung mayroon kayong ubo o lagnat, at sundin ang kanyang mga tagubilin.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

Mga link na makakatulong:

http://www.seattle.gov/emergency-management/what-if/hazards/diseasepandemic-influenza

http://www.kingcounty.gov/healthservices/health/preparedness/pandemicflu.aspx